South Eastern Sydney Local Health District

# Libreng PrEP para sa mga tao sa NSW na walang Medicare

## Papel Pangkaalaman para sa Kliyente

## Ano ang PrEP?

Ang pre-exposure prophylaxis, o PrEP, ay isang gamot na nakakatulong sa pagpigil ng HIV. Ang pagkuha ng PrEP ay lubos na nagbabawas sa iyong panganib na magkaroon ng HIV.

Ang PrEP ay hindi nakakaprotekta laban sa ibang mga sexually transmissible infection (STI). Ang paggamit ng condom at pagkakaroon ng mga pagsusuri sa STI ay mga pinakamahusay na paraan upang protektahan ang iyong sarili laban sa mga STI.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PrEP at kung paano ito makukuha, mangyaring bumisita sa:

- ACON PrEP.

## Sino ang maaaring makakuha ng libreng PrEP?

Maaari kang makakuha ng libreng PrEP kung ikaw ay:

- walang Medicare; at
- nakatira sa Australia ng higit sa isang panandaliang pamamalagi *; at
- nakakatugon sa kriteryang pangmedikal na kukuha ng PrEP sa ilalim ng National PrEP Guidelines (Pambansang Patnubay sa PrEP).

*Ang programang ito ay para sa mga tao na itinuturing ang Australia bilang kanilang ‘karaniwang lugar na tinitirahan’, o balak na titira sa Australia sa loob ng isang takdang panahon.

Ang programang ito ay hindi para sa mga bisitang panandaliang mananatili sa Australia o mga turista.

## Kailangan ko bang magbayad?

Hindi. Kung pupunta ka sa mga sexual health clinic na nakalista sa ibaba upang kunin ang iyong PrEP, hindi mo kailangang magbayad.

Sagot ng aming serbisyo ang bayad sa gamot na PrEP at sa lahat ng mga kinakailangang pagsusuri.

## Saan makakakuha ng libreng PrEP?

Kung isa ka nang kliyente ng isang sexual health clinic sa South Eastern Sydney Local Health District, maaari kang makakuha ng libreng PrEP mula sa Sydney Sexual Health Centre (Sentro ng Kalusugang Sekswal sa Sydney), sa Albion Centre, Kirketon Road Centre o Short Street Centre.

- **Sydney Sexual Health Centre (Sentro ng Kalusugang Sekswal sa Sydney)**
  Sydney Hospital, Nightingale Wing, Macquarie Street, Sydney 2000
  Telepono: (02) 9382 7440
  Web: Sydney Sexual Health Clinic
- **The Albion Centre**
  150-154 Albion Street, Surry Hills 2010
  Telepono: (02) 9332 9600
  Web: The Albion Centre
- **Kirketon Road Centre**
  Sa itaas ng Darlinghurst Fire Station, Victoria Street (pasukan), Darlinghurst 2010
  Telepono: (02) 9360 2766
  Web: Kirketon Road Centre
- **KRC Kellett Street**
  12 Kellett Street (sa tabi ng likurang pintuan ng MSIC), Potts Point 2011
  Telepono: (02) 9360 2766
  Web: Kirketon Road Centre
- **Short Street Centre Sexual Health Clinic**
  St George Hospital, Ground Floor - Prichard Wing Short Street, Kogarah 2217
  Telepono: (02) 9113 2742
  Web: Short Street Centre

Kung hindi ka isang kasalukuyang kliyente sa isa sa mga klinikang ito, pakitawagan ang Sexual Health Infolink (Infolink ng Kalusugang Sekswal) sa **1800 451 624** at pindutin ang 5 (Lunes hanggang Biyernes, 9:00 ng umaga–5:30 ng hapon).

Makakatulong sila sa iyo na mahanap ang tamang serbisyo.

# Paano naman kung hindi ako makakakuha ng libreng PrEP doon?

Maaari ka pa ring makakuha ng PrEP sa Australia.

Kung mayroon kang Medicare, maaari ka pa ring makakuha ng PrEP sa pamamagitan ng Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS) sa mas murang halaga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng PrEP, bisitahin ang ACON PrEP.

# Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PrEP, mangyaring bisitahin ang ACON PrEP, o tumawag sa Sexual Health Infolink sa **1800 451 624** (Lunes hanggang Biyernes, 9:00 ng umaga–5:30 ng hapon).

Magpunta sa website ng NSW Health para sa karagdagang impormasyon tungkol sa libreng programa ng PrEP.